

# KASUNDUAN AT PAGBAWI

### Kasunduan

Hindi maaaring isara ng Office of Tax Appeals (OTA) ang kaso batay sa kasunduan at wala itong kaugnayan sa prosesong ito. Sa mga sitwasyon kung saan nagkasundo kayo ng ahensya sa buwis na pag-usapan ang kasunduan, dapat kang makipag-ugnayan sa OTA. Ipagpapaliban ng OTA ang karagdagang aksyon sa iyong apela hanggang sa makumpleto ang anumang proseso ng kasunduan. Maaari mong boluntaryong bawiin ang iyong apela kung makakabuo kayo ng ahensya sa buwis ng kasunduan sa pagsasara.

Kung hindi malulutas ng kasunduan o iba pang pagsisikap ang apela, muling ia activate ng OTA ang apela at aabisuhan ka nito at ang ahensya tungkol sa mga susunod na hakbang sa apela.

### Pagbawi ng Apela

Maaari mong bawiin ang iyong apela para sa anumang dahilan at anumang oras. Gayunpaman, kung babawiin mo ang iyong apela pagkatapos maibigay ang Opinyon, ipa-publish ng OTA ang Opinyon nito sa kabila ng pagbawi mo ng iyong apela.

*Pakitandaang maaaring patuloy na maipon ang interes habang isinasaalang-alang ang iyong kaso ng mga programa ng kasunduan ng CDTFA o FTB.*